



# Modyul 1: Digital Literacy

## Parents who Can!



Pagpapaunlad ng aking kakayahan bilang  
isang i-Parent sa paglinang ng  
responsableng pagkamamamayan



COPYRIGHT © 2022

No part of this material shall be reproduced, copied or distributed without the permission from Teach for the Philippines (TFP) or Asian Development Bank (ADB) under the EAKPF Program.

# PANIMULA




Sa panahon ng pandemyang ito, maraming hamon sa pagpapatupad ng Distance Learning. Batay sa data mula sa McKinsey & Co, aabot sa 32% ng mga mag-aaral ang hindi gaanong handa sa akademiko. Maliban dito, 75% ng mga mag-aaral ang hindi sapat ang emosyonal na kahandaang harapin ang mga hamong ito, gaya ng mga takdang-aralin o mga online na klase, araw-araw.

Sa ngayon, ang pag-unlad ng digital technology, lalo na ang gadget, ay may malaking impluwensya sa lahat ng aspeto ng buhay ng tao. Ang gadget ay isang English term na nangangahulugang isang maliit na mekanikal o elektronikong aparato o tool (Oxford Dictionaries, 2018). Ang gadget ay maaring isang computer, laptop, tablet PC, at smartphone kung saan maa-access ng mga tao ang lahat sa pamamagitan lamang ng paggamit ng koneksyon sa internet.

Ang isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng digital literacy ay ang kakayahang hindi lamang maghanap, ngunit suriin din ang impormasyon kung ang pinagmulan nito ay maaasahan o hindi. Tungkulin ng mga magulang na turuan ang kanilang anak kung paano malaman ang katotohanan ng impormasyon sa internet at piliin kung anong uri ng impormasyon ang nararapat para sa kanila (Lynch, 2017).

Ang kakayahang alisin ang negatibong impormasyon para sa mental at sikolohikal na pag-unlad ng mga bata ay isang mahalagang bahagi ng digital literacy at mga kasanayan sa pagiging magulang sa ika-21 siglo. Ang mga istilo ng pagiging magulang sa digital era ay hindi maaaring ihiwalay sa kombinasyon ng digital literacy at etikal na halaga, na kilala bilang mahalagang kumbinasyon ng pangunahing tagumpay ng pagiging magulang sa ika-21 siglo.

**Sa Modyul na ito ay makakamit mo ang :**



**Konek Power:**

**Kaya ko at ng aking mga anak na maging digital citizens**

Modyul 1-A:  
Mga Dapat Kong  
Malaman  
Tungkol Sa  
Digital  
Citizenship





## Layunin

"Kaya ko bang maging i-Parent?"

"Ano ang pwede kong gawin upang linangin ang responsableng pagkamamamayan ng aking mag-aaral?"



Ang modyul na ito ay naglalayon na maturuan at mabigyan ng gabay ang mga magulang at tagapag-alaga — mga Super Gabay — ng sapat na kaalaman tungkol sa Digital Literacy at Digital Citizenship. Higit sa lahat, ikaw, bilang Super Gabay ay magkakaroon ng Gabay Power! Ang KONEK POWER!

Ito ang power na magbibigay sa iyo ng kumpiyansa sa sarili at kaalaman upang harapin ang mundo ng digital technology at magabayan ang iyong mga anak. Handa ka na ba, aming Super Gabay? Tayo nang magsimula!

### Mga Layunin:

1. Maipaliwanag kung ano ang kahulugan ng Digital Citizenship at digital space,
2. Makabuo ng isang konkretong ideya kung ano ang isang digital citizen, at
3. Magamit ang mga nalalaman upang ibahagi sa pamilya kung ano ang digital citizenship.



### Paalala!

Gagamitin natin ang Gabay Facebook group. Kung hindi pa kayo nabibilang dito, maaari kayong mag-chat o text sa inyong workshop facilitator!

## Balikan Natin

Ang pagiging magulang sa panahon ng digital age ay isang mapanghamong papel. Sa bawat nag-aalaga ng mga bata ay may kaakibat na responsibilidad pagdating sa uri ng teknolohiya na maaring gamitin ng inyong mga anak. Ang modyul na ito ay naglalayon na mabigyan ng karagdagang kaalaman ang bawat Super Gabay tungkol sa Digital Citizenship at ng mga bahagi nito.

Bilang simula, alamin kung gaano kalaki ang iyong kaalaman tungkol sa web o sa paggamit ng internet. Sagutin ang “Are You Web Aware?” na tseklist para sa magulang. Ang tseklist na ito ay hango sa Media Smarts ng Canada’s Center for Digital and Media Literacy.

Lagyan ng tsek ang OO kung ito ay ginagawa mo o nangyayari sa tahanan. Lagyan ng tsek ang HINDI kung ito ay hindi mo ginawa o nangyayari sa iyong tahanan.

Mga Katanungan	OO	HINDI
<p>Kasali ka ba sa mga online na aktibidad ng iyong mga anak? Alam mo ba kung ano ang kanilang ginagawa at kung sino ang kanilang kausap kapag sila ay nasa Internet?</p>		
<p>Ang iyong pamilya ba ay may mga panuntunan o isang kasunduan sa naaangkop na paggamit ng internet?</p>		
<p>Nagmomodelo ka ba ng magandang gawin na kaugnay sa paggamit ng media (halimbawa: kailan at paano mo ginagamit ang iyong mobile device?) at privacy?</p>		

## Balikan Natin

Mga katanungan	OO	HINDI
<p>Humihingi ba sa iyo ng pahintulot ang iyong anak bago siya magsumite ng anumang personal na impormasyon online? Kabilang dito ang paggamit ng email, mga social networking site o instant messaging, pagsagot sa mga form sa pagpaparehistro ng personal na profile, at pagsali sa mga online na paligsahan.</p>		
<p>Sinusubukan mo bang huwag masyadong maging mapanuri sa mga aktibidad ng iyong mga anak sa net at gamitin ang kanilang karanasan sa internet bilang isang pagkakataon upang talakayin ang hindi naaangkop na makikita sa web?</p>		
<p>Ginagawa mo bang aktibidad ng pamilya ang paggamit ng Internet sa pamamagitan ng paggabay sa iyong mga anak sa magagandang site at pagtuturo sa kanila kung paano gumawa ng ligtas, epektibong paghahanap o pagse-search?</p>		
<p>Tinuturuan mo ba ang iyong anak na huwag paniwalaan ang lahat ng nabasa nila online at itsek ang online na impormasyon sa gabay ng isang nakatatanda o sa ibang pinagmulan nito?</p>		

## Balikan Natin

Mga katanungan	OO	HINDI
<p>Itinuturo mo ba sa iyong anak kung paano kilalanin kapag sila ay nakakaramdam ng mga emosyon tulad ng galit, takot, at pananabik? Sinasabi mo ba sa kanila na huwag tumugon sa sinuman o mag-post ng anumang bagay online kapag ganoon ang kanilang nararamdaman?</p>		
<p>Pinaaalalahanan mo ba ang iyong mga anak na ang mga taong nakakasalamuha nila online ay may pakiramdam na maaring masaktan, tulad natin, at hinihikayat silang palaging ilagay ang kanilang sarili sa posisyon ng ibang tao bago tumugon sa kanila?</p>		
<p>Kung ang iyong anak ay may access sa Internet mula sa paaralan o sa inyong lokal na aklatan, pamilyar ka ba sa kanilang mga patakaran sa paggamit ng internet?</p>		
<p>Tinitiyak mo ba sa iyong mga anak na hindi ka magugulat, mag-o-overreact, o puputulin ang kanilang pag-access sa internet kung pupunta sila sa iyo na may problema?</p>		
<p>Kung ang iyong mga anak ay gumagamit ng social networking site, nakipag-usap ka ba sa kanila tungkol sa paggawa ng maingat na pagpili bago mag-post o magbahagi ng kanilang sarili o ng ibang tao, lalo na ang mga larawan?</p>		

## Balikan Natin

Mga katanungan	OO	HINDI
Nakipag-usap ka ba sa iyong anak tungkol sa responsableng pag-uugali sa online? Naiintindihan ba nila na ang pagnanakaw mula sa website, pag-download ng pirated na software, paggawa ng online na pagbabanta, at pag-hack ay mga bawal na aktibidad?		

Ngayon ay alam mo na ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa web. Bilang magulang o tagapag-alaga, mahalaga na alam mo ang mga dapat at hindi dapat gawin kapag gumagamit ng Internet.



## Digital Citizenship

Ang bawat magulang ay kabahagi ng buhay mag-aaral ng kanyang anak. Ang COVID-19 ang nagbigay ng ibang mukha sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Sa panahon ng pandemya, ang mga magulang ang kaagapay ng bawat estudyante. Sa panahon ng pandemya, ang mga magulang ay naging ganap ding mga guro. **Dalubhasa man o hindi, natuto ang mga magulang na sumabay sa mabilis na agos ng teknolohiya.** Ang sesyon na ito ay magbibigay ng pangkalahatang ideya kung ano ang dapat na taglay ng isang magulang upang maging isang digital citizen at magabayan ng naaayon sa kanyang pag-aaral online ang kanyang anak.

Ang mga paksa ng sesyong ito ay ang mga sumusunod:



1. Digital Citizenship
2. Digital Space
3. Mga Karapatan at Responsibilidad ng isang Digital Citizen
4. Cyberbullying

## Ano ang Digital Citizenship?

Ang **Digital Citizenship** ay tumutukoy sa kakayahang makisali ng positibo, kritikal, at may kakayahan sa digital na kapaligiran, kumukuha ng mga kasanayan at epektibong komunikasyon at paglikha, upang magsanay sa pakikilahok na gumagalang sa mga karapatang pantao at dignidad sa pamamagitan ng responsableng paggamit ng teknolohiya.

Ang isang digital citizen ay isang taong may pagkakakilanlan sa internet. Ang pagiging isang digital citizen ay nangangahulugan na ikaw ay bahagi ng isang digital na komunidad. Ang digital citizenship ay sinasamahan ng maraming mga karapatan at responsibilidad, na nilalayon na protektahan ka pati na rin ang lahat ng iyong nakakasalamuha.

## Ano ang Digital Space?



Ayon sa IGI Global, ang salitang **digital space** ay tumutukoy sa kung ano ang ipinapakita sa screen ng isang digital device. Ang halimbawa ng mga device na ito ay ang laptop, computer, tablet, o smartphone. Ang maaaring ipakita sa mga digital na espasyo ay malawak at magkakaiba, at maaaring magkaroon ng hindi mabilang na anyo.

## Ano ang iyong mga Karapatan bilang isang Digital Citizen?

Ang kahulugan ng mga **digital na karapatan at responsibilidad** ay ang pagkakaroon ng karapatan at kalayaan na gamitin ang lahat ng uri ng digital na teknolohiya habang ito ay ginagamit sa isang katanggap-tanggap at naaangkop na paraan.


Bilang isang Digital Citizen, ikaw ay may mga karapatan, at ito ay ang mga sumusunod:



1. Karapatan na maka-access at gumamit ng computer o anumang electronic na kagamitan,
2. Karapatan na maka-access at makagamit ng digital content,
3. Karapatan na makagawa at makapagbahagi ng digital media,
4. Karapatan na magkaroon ng privacy sa digital na komunidad,
5. Karapatan ng malayang pagbabahagi ng iyong opinyon at ideya, at
6. Karapatan na i-report ang sinuman o kahit anong hindi naaangkop na content online.

## Alamin Natin!

### Ano ang iyong mga responsibilidad bilang isang Digital Citizen?



Bilang isang Digital Citizen, ikaw ay may taglay na mga responsibilidad:

1. Gumamit ng tamang pananalita at pag-uugali kapag nakikipag-ugnayan sa iba (hal. walang cyberbullying),
2. Sundin ang lahat ng batas ng intellectual na pag-aari,
3. Igalang ang mga opinyon at ideya ng iba,
4. Sundin ang mga alituntunin at/o mga code ng tamang pag-uugali para sa bawat internet site,
5. Huwag gumamit o magbahagi ng gawa ng iba nang walang pahintulot, at
6. Responsibilidad na mag-report ng cyberbullying, pagbabanta, at hindi naaangkop na paggamit ng mga digital na mapagkukunan.

Ang ilan sa maaaring mong gawin mo bilang tagapangalaga at ng iyong anak tungkol sa pag-uulat ng cyberbullying ay:



- a. Ipaalam sa mga kapamilya ang mga pangyayari o pag-atake,
- b. I-report sa awtoridad tulad ng guro o guidance counselor kung sa paaralan ito nangyari o sa Human Resources kung ang pambully ay nangyari sa trabaho, o
- c. I-report sa pamunuan ng social media (tulad ng Facebook o Twitter) ang nangyari upang magawan nila ng karampatang hakbang.



## Ano ang Cyberbullying at paano mapoprotektahan ang aking pamilya laban dito?

### Ano ang Cyberbullying?

Responsibilidad din ng mga magulang ang protektahan ang kanilang anak sa cyberbullying. Ayon sa Smart Parenting, ang cyberbullying ay ang anumang uri ng paninirang-puri, pang-aabuso, o pananakot gamit ang teknolohiya. Ang cyberbullying ay isang uri ng bullying na nangyayari sa pamamagitan ng digital technology. Kabilang dito ang mga social media networks, text o instant messages, at emails.

Nakakaranas ng harassment ang isang indibidwal o grupo gaya ng personal na pag-atake, paninira, o ibang bagay na hindi mabuti o nakakasama sa kanyang pagkatao at may kaakibat na krimen gamit ang computer or smart phones o anumang gadget.

Bilang magulang, maaari mong maprotektahan ang iyong anak sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. Kausapin ang iyong anak tungkol sa cyberbullying bago pa ito mangyari.
2. Alamin ang mga ginagawa ng iyong anak online para makita ang mga posibleng maging problema.



3. Turuan ang anak tungkol sa “self-talk” habits. Ang self-talk o pakikipag-usap sa sarili ay ang paraan ng pakikipag-usap mo sa iyong sarili, o sa iyong panloob na boses. Mahalaga ang pakikipag-usap sa sarili dahil malaki ang epekto nito sa iyong nararamdaman at kung ano ang iyong ginagawa.

Maaaring ipaintindi sa inyong anak na hindi niya kayang kontrolin ang nangyayari ngunit kaya niyang kontrolin ang kanyang emosyon tungkol sa nangyayari.

## Alamin Natin!

4. Siguraduhin na magkakaroon ng pahinga ang iyong anak sa online o screen time.
5. Ipaalam sa iyong anak na ikaw ay nandyan at handing tumulong kung mayroon siyang tanong o hindi naiintindihan online.

### Ano ang Online Privacy?

Ang online privacy ay ang antas ng proteksyon sa privacy na mayroon ang isang indibidwal habang naka-konekta sa Internet. Nasasaklaw nito ang online na seguridad na ginagamit para sa personal at pinansyal na data, mga komunikasyon, at mga preference.



Ang mga gumagamit ng Internet ay madalas na nagtatangkang pataasin ang online privacy sa pamamagitan ng anti-virus software, pagpili ng password, pagsusuri ng seguridad ng site, at pagpili ng mas mahigpit na privacy setting. Ang mga panganib sa online na privacy ay mula sa mga phishing scam hanggang sa malware. Ang mga problema sa seguridad ng website ay maaaring magresulta sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

### Pagpapanatili ng Privacy Online



Anumang impormasyon na iyong inilalagay online ay maaaring ma-access ang publiko anumang oras. Makipagtulungan sa iyong anak na maging mapagmatyag tungkol dito.

1. Isalang-alang ang anumang digital na impormasyon na may potensyal na maging pampubliko. Maaaring makuha ng ibang tao ang anumang impormasyon na iyong ilalagay sa online kahit wala itong pahintulot mo.

## Alamin Natin!

2. Maging matiyaga at maglaan ng oras upang maunawaan ang lahat ng mga setting at privacy. Itakda ang mga setting at privacy para sa bawat isa at bawat uri ng nilalaman kagaya ng impormasyon sa profile, mga post, komento, at mga larawan. Alamin kung ano ang ginagawa ng mga feature kagaya ng pagbo-block upang matulungan ka at ang iyong mga anak na kontrolin ang inyong presensya online.



Sagutin ang mga sumusunod na tanong at magandang ibahagi ang iyong kasagutan sa pagsulat nito sa loob ng kahon.

1. Ano ang digital citizenship para sa iyo at bakit mahalagang matutunan ito?




2. Ano ang maaring paunang tulong ang magagawa mo para maibahagi ang iyong nalaman tungkol sa digital citizenship?



Sagutin ang tanong. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

1. Dapat bang magbago ang istilo mo bilang magulang o tagapag-alaga ngayong nalaman mo na ang tungkol sa digital citizenship?



2. Ano ang mahalagang natutuhan ko tungkol sa digital citizenship?



Ngayon na alam mo ang iyong mga karapatan, magbigay ng isang pagkakataon na naipakita mo o hindi mo naipakita na ikaw ay isang Digital Citizen. Pumili sa mga karapatan at responsibilidad na pinag-usapan at isulat ang iyong sagot.

**Basahin at unawain ang halimbawa sa ibaba:**

**Karapatan:**

**Karapatan na makagawa at makapagbahagi ng digital media**

Ako ay isang online seller. Bilang online seller, ako ay nagbabahagi ng aking mga post at online selling videos sa social media. Ito ay isang karapatan ko na aking ini-enjoy.

**Responsibilidad:**

**Gumamit ng tamang pananalita at pag-uugali kapag nakikipag-ugnayan sa iba**

May mga pagkakataon na ako ay nakikipagtalo gamit ang social media, at hindi ko napigilan ang aking sarili na sumagot sa mga comments kahit hindi maganda ang sinasabi ko. Ang ganitong aksyon ay hindi nagpapakita ng pagiging isang digital citizen.



1

Karapatan:

-----  
-----  
-----  
-----

Responsibilidad

-----  
-----  
-----  
-----

Karapatan:

-----  
-----  
-----  
-----

Responsibilidad

-----  
-----  
-----  
-----

2

3

Karapatan:

---

---

---

---

---

Responsibilidad

---

---

---

---

---






Upang magkaroon ng karagdagang kaalaman,  
panoorin ang video na may pamagat na:

**What Does it Mean to be a Digital Citizen?**

<https://bit.ly/3wBFEDE>



1. Ano ang ibig sabihin ng pagiging digital citizen?

---

---

---

2. Paano ako magiging digital citizen ng kasalukuyang panahon?


---

---

---

## Ibahagi Natin

Ibahagi ang iyong natutuhan tungkol sa digital citizenship. Tipunin ang miyembro ng pamilya at pag-usapan ang tungkol dito. Magkaroon ng malayang talakayan ang pamilya tungkol dito. Isulat ang ilan sa mga napag-usapan o pananaw ng ilang miyembro ng pamilya tungkol sa Digital Citizenship.



**Panuto:** Isulat ang tamang sagot sa bawat numero. Isulat ang saling TAMA kung sa tingin mo ay tama ang sinasabi at isulat ang MALI kung ito ay hindi tama.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang digital citizenship ay para sa iilan lamang.
- \_\_\_\_\_ 2. Ako ay may mga karapatan at responsibilidad bilang isang digital citizen.
- \_\_\_\_\_ 3. Maaari kong i-post ang larawan ng mga kaibigan ko nang walang pahintulot sa kanila.
- \_\_\_\_\_ 4. Kailangan kong ipangtanggol ang anak ko laban sa cyberbullying.
- \_\_\_\_\_ 5. Ako ay may mga responsibilidad na dapat isaalang-alang kung ako ay gagamit ng internet.
- \_\_\_\_\_ 6. Nararapat lamang na ipagtanggol ko ang aking anak laban sa mga mapang-abuso sa digital space.
- \_\_\_\_\_ 7. Dapat kong isaalang-alang ang mga impormasyong ibabahagi ko online para sa aking kaligtasan.
- \_\_\_\_\_ 8. Responsibilidad din ng mga magulang ang protektahan ang kanilang anak sa cyberbullying.
- \_\_\_\_\_ 9. Kausapin ang anak tungkol sa cyberbullying bago pa ito mangyari.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang isang digital citizen ay isang taong may pagkakakilanlan sa barangay.



# Modyul 1-B: Mga Dapat Kong Malaman Tungkol Sa Digital Citizenship



## Layunin

1. Ipaliwanag kung ano ang kahulugan ng Screentime, Digital Footprint, fact at fake online.
2. Ma-apply ang screen time at ilagay ang tamang impormasyon para sa iyong digital footprint.
3. Matukoy ang pagkakaiba ng katotohanan at peke online.

## Balikan Natin

Ang nakaraan nating paksa ay tungkol sa mga dapat mong malaman tungkol sa Digital Citizenship. Bilang mga magulang at tagapag-alaga, nabatid ninyo na mahalaga na alam o may kaalaman ka tungkol digital citizenship at digital space. Nalaman mo din na bilang magulang at tagapag-alaga ay may karapatan at responsibilidad ka bilang isang digital citizen.

Balikan ang nakaraang topic sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahulugan ng mga sumusunod na mga salita.

### Digital Citizenship

---

---

---

---

---

### Digital Space

---

---

---

---

---

### Cyberbullying

---

---

---

---

---

### Digital Rights at Responsibilities

---

---

---

---

---

## Screen Time, Digital Footprint, at Fake Online




Bilang isang digital citizen mahalaga na ikaw ay mabigyan ng kasanayan at kaalaman tungkol sa digital citizenship. Ito ang mga bagay tutulong sa iyo upang gabayan mo ang iyong mga anak sa paggamit ng digital space. Ang mga paksa sa sesyon na ito ay tungkol sa:

1. Screen time
2. Digital footprint
3. Pagtukoy ng Fact at Fake online

### Ano ang Screen Time at bakit ito mahalaga?

Ang mga computer at digital device ay nangingibabaw sa pang-araw-araw na buhay sa pamamagitan ng paaralan at trabaho. Karaniwan, ang mga bata at matatanda ay gumugugol ng mas maraming oras sa online kaysa sa labas ng bahay.

Ang screen time ay ang salitang ginagamit para sa mga aktibidad na ginagawa sa harap ng screen gaya ng panonood ng TV, pagtatrabaho sa computer, o paglalaro ng mga video games. Ang matagal na screen time ay nangangahulugan na laging naka-upo, walang pisikal na aktibidad, o hindi pagiging aktibo.



### Ano ang mga epekto ng screen time?

Ayon sa isang article na may titulong “Everything Parents Need to Know About Screen Time Management”, ang screen time ay isang kamakailang kaganapan sa publiko at ang mga epekto nito ay pinag-aaralan pa rin ng mga eksperto.

## Alamin Natin!

Ang tagal ng paggamit ng screen ay naipakita na may masamang epekto sa isip at may posibilidad na magpakita sa iba't-ibang paraan sa iba't-ibang edad. Ang mga epekto nito ay maaaring hatiin sa mga kategorya ayon sa mental, pisikal, at emosyonal na mga aspeto.



### a. Mental

Bagama't mas maraming pag-aaral ang inilalabas nang regular, maaaring iugnay na ang ilang bagay sa screen time, gaya ng hindi magandang pattern ng pagtulog, mga problema sa pagbibigay pansin, at nakasanayang ugali. Mahalagang tandaan na hindi lahat ng screen time ay masama, ngunit ang sobrang paggamit ay maaaring humantong sa iba pang mga problema.

### b. Pisikal

Karamihan sa mga laro, mobile o console, ay nangangailangan ng napakaliit ng pisikal na aktibidad. Nauubos nito ang oras na dapat sana ay para sa ehersisyo at oras sa labas. Ang pagkakalantad sa mga screen lalo na bago matulog ay maaaring humantong sa mahinang kalidad ng pagtulog at mga gawi.



### c. Emosyonal

Kasama ng mental at pisikal, mayroon ding emosyonal na epekto na maiuugnay sa screen time. Ang sobrang screen time sa mga digital na device, at oras na ginugugol sa online ay maiuugnay sa mga anxiety disorder, problema sa pagtutok, at maging ng depresyon.

## Mga tips para mapamahalaan ang screen time

1. Maaaring baguhin ang mga panuntunan na nakatakda sa tahanan tungkol sa screen time. Makakatulong ang pagkuha ng makatotohanang impormasyon kung gaano katagal screen time sa pamilya. Subaybayan ang paggamit ng media. Tukuyin ang uri ng media ang ginagamit ng iyong mga anak.
2. Malaki ang pagkakaiba ng paglalaro online at ang oras na ginugugol sa pag-aaral ng bokabularyo mula sa isang smartphone. Isipin kung ano ang ginagawa ng iyong anak. Magagawa mong makahulugan ang screen time ng iyong anak kung isasa-alang-alang mo ang 4C. Ito ay ang mga sumusunod:



**Connection (Koneksyon)** - napakahalaga na ang mga bata ay kumukunekta sa isang personal na antas kung ano ang kanilang pinapanood, nilalaro, o binabasa.



**Critical thinking (Kritikal na pag-iisip)** - maghanap ng media na malalim ang pagtalakay sa isang paksa o kasanayan. Ito ay maaaring laro kung saan nakipagbuno ang mga bata sa etikal na problema o ng estratehiya tungkol sa paglipas ng mga hadlang. Ito ay maari ding mga aktibidad na tungkol sa pagsagot ng mga tanong na pang-edukasyon. Mahalagang tingnan kung ito ay may kabuluhan para sa bata.



**Creativity (Pagkamalikhain)** - isa sa mga katangian ng mga produktong online ay ang pagtulong sa mga bata na makalikha ng content kagaya ng kanta o video game. Ito ay nagbibigay ng kahulugan sa mga bata na makagawa sila nito at maibahagi nila online.



**Context (Konteksto)** - tulungan ang iyong mga anak na maunawaan kung paano umaangkop ang kanilang media sa digital space. Ugaliing magtanong sa anak kung ano ang kanilang ginawa online at subukang pag-usapan ito offline.



## Alamin Natin!

3. Alamin ang maaaring maging ugat ng problema. Kung ikaw ay nababahala sa matagal na screen time ng anak, gumawa ng isang aktibidad na maaaring gawin ng pamilya offline. Kung ang iyong anak ay madalas na huli sa pagtulog, maaaring maglagay ng patakaran na hindi pinapayagan ang mobile phone sa silid tulugan/kwarto, gayundin sa ibang parte ng tahanan.

Narito ang halimbawa ng template ng pagpapalano ng screen time para sa pamilya.

Araw-araw na minute sa bawat device	TV	Video Games	Hand-held device (hal. Smartphone)	Computer	Kabuuang bilang ng minute
Lunes					
Martes					
Miyerkules					
Huwebes					
Biyernes					
Sabado					
Linggo					

## Digital Footprint

Ang social media ngayon ay ginagawang madali ang pagbabahagi ng larawan. Nais ng mga bata ang sundan ang mga larawan ng mga kaibigan at magbahagi ng kanilang ginagawa. Subalit, hindi laging iniisip ng mga bata kung ano ang kanilang maibabahagi online. Ang mga post na ito ay maaaring mapunta sa publiko at maaaring magdulot ng kapahamakan online. Mahalaga na pag-usapan ang kahalagahan ng pagpapakita ng paggalang sa sarili at sa iba kapag nagbahagi ng mga larawan online.

## Alamin Natin!

### Ano ang Digital Footprint?

Ang digital footprint ay ang anumang impormasyon na ibinahagi online. Mayroong dalawang uri ng mga digital footprint. Ito ay ang mga sumusunod:



1. **Passive Digital Footprint** – ito ay ang mga impormasyon na ibinahagi mo nang hindi mo malalaman kapag gumagamit ng internet. Halimbawa nito ay ang iyong lokasyon , IP address, o kaya naman ay ang kasaysayan ng browser.
2. **Active Digital Footprint** – ito ay nangyayari kapag boluntaryo mong ibinibigay ang mga impormasyon online.


### Mga dapat gawin upang mapangalagaan ang digital footprints



1. Pag-usapan at magtakda ng boundaries kasama ang iyong anak.  
Pag-usapan ang mga halaga at inaasahan ng iyong pamilya tungkol sa pagbabahagi ng larawan. Halimbawa ay ang pagkakasundo na ang mga larawang nagpapakita ng mga illegal na gawain ay hindi maaari.
2. Paalalahanan ang iyong anak na isalang-alang ang epekto ng isang larawan sa mga tao sa larawan. Kapag mag-a-upload ng larawan, ugaliing magtanong kung ito ay pinapayagan ng mga taong nasa larawan o kung sino man ang kumuha nito.
3. Hikayatin ang iyong anak na kausapin nang harapan ang taong nag-post ng larawan. Pag usapan ito nang offline at harapan upang maiwasan ang isang digital na problema.

## Pagtukoy sa Fact at Fake online

Ayon sa MindTools mayroong dalawang uri ng fake news:




### 1. Mga istorya na hindi totoo

Ang mga ito ay ganap na imbento na kwento na idinisenyo upang papaniwalain ang mga tao sa isang bagay na hindi totoo, bumili ng isang particular na produkto, o bisitahin ang isang partikular na website.

### 2. Mga istorya na may ilang katotohanan, ngunit hindi 100 porsyentong tama.

Maaaring iligaw tayo ng “pekeng balita” (o disinformation) tungkol sa pulitika, kalusugan, kapaligiran, at iba pang mahahalagang aspeto ng ating mundo.



Habang ang mga platform ng social media ay pinanggagalingan ng mga balita, kailangan nating malaman kung paano makakakita ng “fake news” online.



## Alamin Natin!

Narito ang Checklist mula sa Digital Ready Hub upang malaman kung ang iyong binabasa ay “fake news”.



### 1. Ano ang address ng website?

Gumawa ng mabilis na paghahanap sa online upag makita kung ang site ay itinuturing na isang lehitimong lugar upang makahanap ng tumpak at maasahang impormasyon.



### 2. Saan nanggaling ang impormasyong ito?

Tingnan mabuti ang site at ang kwento. Mayroon bang anumang bagay sa site na nagpapatunay na nagsasabi ito ng totoo?



### 3. Tumpak ba ang headline?

Idinisenyo ang mga headline para mabigla tayo at makuha ang ating atensyon, ngunit hindi laging naisasama ang buong kwento.



### 4. Tumingin huwag lamang sa larawan

Ang mga larawan ay hindi laging patunay. Ang anumang larawan o video ay madaling i-edit o gamitin na wala sa konteksto. Suriing mabuti ang larawan bago maniwala.



### 5. Mayroon bang mga pagkakamali?

Nagdaragdag ba ang mga petsa sa kwento? May mga typo ba o kakaibang nakasulat sa mga pangungusap? Ito ay palatandaan na ang kwento ay hindi totoo.



### 6. Ito ba ay isang biro?

Maraming mga site ang nagsusulat ng mga kathang-isip na account ng mga kasalukuyang kaganapan upang patawanin tayo. Tignan ang site bago tanggapin ang kwento bilang katotohanan.



### 7. Suriin ito sa mga pinagkakatiwalaang source o pinagkukunan.

Mayroon bang mga kagalang-galang na media outlet na sumasaklaw sa kwentong nakita mo? Makakahanap ka ba ng anumang kapanipaniwalang ebidensya na sumusuporta dito? Kung hindi mo kaya, malamang na hindi totoo.



### 8. Suriin ang mga katotohanan sa mga website na ito.

- Media Literacy Ireland
- Snopes
- FactCheck NI
- TheJournal.ie's fact check

Sagutin ang mga sumusunod. Isulat ang ang iyong sagot sa loob ng kahon.



1. Ngayong alam mo na ang tungkol sa screen time, digital footprint, at pagtukoy ng peke at totoo sa digital space, ano ang iyong susunod na hakbang para mai-apply ang mga ito?

---

---

---

2. Bakit mahalaga ang Digital Footprint para sa pamilya mo at sa iyo?

---

---

---

### Gawin ang mga sumusunod:



1. Buksan ang iyong social media account kagaya ng Facebook at Instagram.
2. Pumunta sa iyong profile
3. Isulat ang ang lahat ng mga detalye na makikita doon tungkol sa iyo.
4. Balikan ang pinag-aralan at isipin kung ano ang mga dapat at hindi dapat naka-public sa iyong profile.

### Para sa mga walang social media account:

Kung ikaw ay gagawa ng FB account, ano ang mga impormasyon na iyong ilalagay at bakit?




## Ang Aking Digital Footprint

Ilista ang iyong mga paboritong digital activities kagaya ng apps, websites, mga laro, larawan, musika, texting, social media, website sa pagre-research at iba pa.

Isulat ang mga nilistang mga digital activities sa loob ng footprint.

Mga paboritong digital activities:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_



## Pagyamanin Natin

## Panuorin Natin



Panoorin sa youtube ang video na may pamagat na  
**Fact or Fake with Joseph Morong: Fake News Alert**  
[bit.ly/3GemRS0](https://bit.ly/3GemRS0)



Isulat sa ibaba ang natutunan sa napanood na video  
tungkol sa fact or fake news.

---

---

---

---

---

---

---



## Paghahanda para sa Susunod na Sesyon

Alamin ang iba't-ibang apps na ginagamit ng inyong anak. Gamitin ang template sa ibaba.

Ilista ang iba't-ibang apps na iyong nalaman.

Pangalan ng App	Uri ng Application



### Mga Uri ng Applications


1. Lifestyle mobile apps - hal. fitness, food, travel, music, Spotify, at iba pa
2. Social media apps - hal. Facebook, Instagram, Tiktok, Twitter, Pinterest at iba pa
3. Utility mobile apps - hal. reminder, calculator, flashlight, at iba pa
4. Games o entertainment apps - hal. Mobile Legends, Clash of Clans, at iba pa
5. Productivity apps - hal. documents, sheets, at iba pa.
6. News and information apps - hal. news magazine, weather, news, at iba pa.

## Ibahagi Natin

Ibahagi ang iyong natutuhan tungkol sa screen time, digital footprint at pagtukoy ng fact at fake online. Tipunin ang miyembro ng pamilya at pag-usapan ang tungkol dito. Magkaroon ng malayang talakayan ang pamilya tungkol dito at sagutin ang tanong sa ibaba.

Ano ang opinyon ng mga miyembro ng pamilya tungkol sa mga sumusunod:

### Screen Time




---



---



---

### Digital Footprint




---



---



---

### Fact or Fake Online




---



---



---



**Sagutin ang mga sumusunod. Isulat ang TAMA kung ang pangungusap tama. Isulat ang MALI kung ang pangungusap o mali.**

\_\_\_\_\_1. Sa social media ay mabilis na maibabahagi ang mga larawan ko at ng mga kaibigan at pamilya ko.

\_\_\_\_\_2. Wala akong pakialam sa mga nilalagay ng aking pamilya online.

\_\_\_\_\_3. Hindi kailangan magtakda ng screen time sa bawat miyembro ng aking pamilya.

\_\_\_\_\_4. Hihikayatin ko ang aking anak o sinumang miyembro ng aking pamilya na kausapin ang may-ari ng larawan o sinumang nasa larawan bago niya ito ibahagi sa digital space.

\_\_\_\_\_5. Ang active digital footprint ay ang pagbabahagi ng mga impormasyon nang hindi ko nalalaman.

\_\_\_\_\_6. Kailangan kong alalamin ang mga apps na ginagamit ng aking anak online upang mapamahalaan ko ang screen time.

\_\_\_\_\_7. Ang digital footprint ay ang mga piling impormasyon lamang na aking ibinahagi online.

\_\_\_\_\_8. Ako ay dapat maniwala sa lahat ng nakikita at nababasa ko online.

\_\_\_\_\_9. Hindi kasama ang panonood ng TV sa screen time.

\_\_\_\_\_10. Walang pinagkaiba ang paglalaro online at ang oras na ginugugol sa pag-aaral ng bokabularyo mula sa isang smartphone.

# Modyul 1-C: Digital Learning Sa Tahanan



## Layunin

1. Magkaroon ng ideya kung anu-ano ang mga digital tools na ginagamit ng aking anak sa digital learning,
2. Makabuo ng isang hakbang para magawang digital learning able ang tahanan, at
3. Magabayang ang anak sa pag-aaral online.

## Balikan Natin

Bilang pagbabalik tanaw sa nakaraang topic, sagutin ang ang mga sumusunod na katanungan.

1. Paano mo in-apply ang iyong natutuhan noong nakaraang sesyon (digital footprint, screen time, pagtukoy ng fact at fake online) sa iyong tahanan?

---

---

---

2. Isulat ang kahulugan ng mga sumusunod na mga salita.

a. Digital Footprint

---

---

---

b. Screen time

---

---

---



## Gawin Natin

Sagutin ang mga sumusunod. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

1. Ito ay ang mga impormasyon na ibinahagi mo na hindi mo malalaman kapag gumagamit ikaw ay gumagamit ng internet.
  - a. creativity
  - b. context
  - c. digital footprint
2. Ito ay ginagawa kapag boluntaryo mong ibinigay ang mga impormasyon online
  - a. passive digital footprint
  - b. active digital footprint
  - c. digital citizen
3. Ang iyong lokasyon, IP address, at kasaysayan ng iyong browser ay maaring naibabahagi mo nang hindi mo nalalaman. Ano ang tawag dito?
  - a. active digital footprint
  - b. digital citizenship
  - c. passive digital footprint
4. Ito ay nagbibigay ng kahalagahan sa mga bata na makagawa sila nito at maibahagi nila online.
  - a. connection
  - b. creativity
  - c. context
5. Napakahalaga na ang mga bata ay kumukunekta sa isang personal na antas sa kung ano ang kanilang pinapanood, nilalaro, o binabasa.
  - a. connection
  - b. creativity
  - c. context

## Gawin Natin

Tukuyin ang salitang hinihingi. Isulat ang salita sa guhit pagkatapos ng bawat pangungusap.

6. Ito ay ang mga impormasyon na ibinahagi mo at hindi mo malalaman kapag gumagamit ng internet. Halimbawa nito ay ang iyong lokasyon , IP address o kaya naman ay ang kasaysayan ng browser. Ang tawag dito ay \_\_\_\_\_.
7. Ito ay ang anumang impormasyon na ibinahagi online. Ang tawag dito ay \_\_\_\_\_.
8. Ito ay nangyayari kapag boluntaryo mong ibinibigay ang mga impormasyon online. Ang tawag dito ay \_\_\_\_\_.
9. Kung ikaw ay nababahala sa matagal na screen time ng anak, gumawa ng isang aktibidad na maaaring gawin ng pamilya offline. Tama ba ito o mali? \_\_\_\_\_
10. Hihikayatin ko ang aking anak na kausapin nang harapan ang taong nag-post ng larawan. Tama ba ito o mali?



## Digital Learning

Ang mga paksa ng araling ito ay ang mga sumusunod:

1. Digital Learning
2. Digital Learning Tools
3. Pagpili ng tamang apps, laro, at music na naaangkop sa iyong anak



## Ano ang Digital Learning?

Ang digital learning o digital na pag-aaral ay gumagamit ng mga teknolohiya at pamamaraan upang matulungan ang mga mag-aaral na matuto sa ibang paraan. Ang panahon ng pandemic ay naging daan sa bagong uri ng pag-aaral na ito. Mabilis nitong pinalitan ang tradisyunal na pag-aaral. Kung kaya't ang bawat magulang ay nararapat lamang na maalam sa digital learning o maging isang digital citizen.

Narito ang ilan sa maraming benepisyong digital na pag-aaral:

### 1. One-to-one Learning

Ang one-to-one na pagtuturo ay naglalarawan sa isang mag-aaral na natututo mula sa pakikipag-ugnayan sa isang guro nang paisa-isa. Ito ay naayon sa sariling bilis ng mag-aaral at mga pangangailangan sa pagkatuto.

### 2. Nakakalikha ng matalinong mag-aaral

Ang mga tools sa pag-aaral at teknolohiya ay maaring makatulong sa bata upang ito ay maging mas epektibo sa pag-aaral. Masusuri ng iyong anak kung ano ang kailangan nila at matututo silang maghanap at gumamit ng mga online resources para makahanap ng solusyon.

### 3. Pagkakaroon ng sariling motibasyon ng mag-aaral

Ang mga mag-aaral na natuto sa pamamagitan ng teknolohiya ay mas nagiging focus at interesado. Ang digital na pag-aaral ay mas interactive at hindi malilimutan kung ihahambing sa tradisyunal na pamamaraan.



## Alamin Natin!

### 4. Malawak na pagkakataon sa pag-aaral

Ang proseso ng pag-aaral sa digital learning ay maaaring gawin sa anumang oras. Ito din ay nagbibigay ng pagkakataon sa iyong anak upang mapalawak ang kanyang kaalaman tungkol sa iba't ibang konsepto.

### 5. Pagkakaroon ng pananagutan at responsibilidad ng mag-aaral

Ang digital learning sa bahay ay nagbibigay ng daan upang ang iyong anak ay maging responsable sa kanyang pag-aaral.

## Ano ang mga uri ng Digital Learning Tools?

Mayroong iba't-ibang digital tools para sa pagtuturo ang itinakda ng mga guro sa iyong anak. Ito ay mahalagang alam mo, bilang magulang, upang gabayan ng tama ang iyong anak sa pag-aaral sa bahay.


Ang digital learning tools ay may dalawang uri. Ito ay ang mga sumusunod:

#### 1. Modular distance learning Digital tools

Ang mga modular distance learning tools ay ang mga ginagamit ng isang mag-aaral sa distance learning na anyo ng pag-aaral at face-to-face. Ang mga halimbawa nito ay:

- a. Self learning module (print o digital na format)
- b. textbook o libro
- c. mga activity guides
- d. pen and paper learning materials

Maaari ding maka-access ang bata ng mga learning materials sa computer, tablet, PC or smartphone. Gamit ang ganitong mga tools maaaring humingi ng tulong ang iyong anak sa kanyang guro sa pamamagitan ng email, telepono, text message o instant messaging.



## 2. Online Distance Learning Tools

Ang online distance learning tools ay ang mga tool na ginagamit ng guro upang maturuan ang isang mag-aaral sa pamamagitan ng paghango sa internet.

Ang ilan sa mga halimbawa nito ay ang mga sumusunod:

1. Presentation tools kagaya ng PowerPoint, Google Slides, Prezi at Canva.
2. Pagpupulong o conference tools kagaya ng Zoom, Messenger Room, Google Meet, at Microsoft Teams.



zoom



Upang matulungan ang iyong anak sa pag-aaral at paggamit ng mga tools sa pag-aaral, mahalaga na marunong ang magulang kung paano pumili ng tamang application o apps na ipapagamit sa iyong anak.

### Gabay sa tamang pagpili ng applications para sa iyong anak

Narito ang gabay sa pagpili ng tamang application para sa iyong anak. Ito ay hango sa post ng Fairfax Country Public School (FCPS).

1. Gumawa ng listahan ng mga partikular na laro, app, o media na gusto mong gamitin ng iyong anak.

2. Alamin kung ano ang matutuhan tungkol sa laro, app o media sa pamamagitan ng mga reviews tungkol dito. Ang dalawang site na nagbibigay ng mahahalagang impormasyon tungkol dito ay ang mga sumusunod. Ito ay maari mong bisitahin online upang matutuhan ang mga apps na nais mong ipagamit sa iyong anak.

- a. Common Sense Media Reviews
- b. Entertainment Software Rating Board Reviews

## Alamin Natin!

3. Ikonsidera ang mga tanong na ito sa pagpili ng application, game, o media na ipapagamit mo sa iyong anak.

- Ano ang pang-edukasyon na halaga ng app, media, laro, o serbisyo sa anak ko?
- Ito ba ay naaangkop sa aking anak?
- Gumagamit ba ng serbisyong local ang app?
- Maaari bang bumili ang iyong anak ng mga karagdagang feature, na kilala rin bilang mga in-app na pagbili?
- Ang app, laro, media, o serbisyo ba ay nagpapakita ng halaga ng iyong pamilya?
- Anong impormasyon ang makokolekta tungkol sa iyong anak at kanino nila ito maibabahagi?

4. Kung nagawa mo na ang iyong pananaliksik, maaari ka nang magpasya kung ang app, laro, or media ay tama para sa iyong pamilya. Mahalagang isaisip kung ang iyong anak ay may mga kasanayan sa maturity at self-regulation upang gamitin ito sa isang ligtas, responsible, at etikal na paraan.

5. Magtatag ng mga inaasahan at kahihinatnan. Sabihin sa iyong anak ang tungkol sa anumang mga control ng magulang na plano mong gamitin. Maging pare-pareho tungkol sa mga inaasahan at kahihinatnan.

## App Tseklis para sa mga magulang at tagapag-alaga

Ayon sa Safety Parents, ang layunin ng tseklis na ito ay tulungan ang mga magulang at tagapag-alaga na mag-navigate sa mundo ng app at bigyan ng mga tool upang matiyak na ang bawat miyembro ng pamilya ay nasisiyahan sa ligtas at positibong mga karanasan online. Narito ang mga dapat mong isaalang-alang:



### Gawin mo ang iyong pananaliksik

Tip: Suriin kung magagamit ang app para sa pagbabahagi ng nilalaman, pagbabahagi ng larawan at video, pagmemensahe at online chat, voice chat, video call o live streaming.



### Suriin ang rating ng edad at mga kinakailangan

Tip: Kapag nagpapasya kung ang isang app ay angkop para sa iyong anak, isipin ang antas ng kanilang maturity at pati na rin ang rekomendasyon sa edad.

## Alamin Natin!



### Isaalang-alang ang privacy

Tip: Alamin ang mga impormasyong hinihingi at kung sino ang maaaring makakita ng profile.




### Suriin ang mga pahintulot at iba pang mga setting

Tip: Alamin ang mga permiso na hinihingi, kung nangangailangan ng microphone o kaya naman ay video, at ang mga default setting.



### Pagsusuri ng Kaligtasan

Tip: Ipaalam sa iyong anak na maaari siyang lumapit sa iyo para sa tulong kung may anumang bagay na magpaparamdam sa kanila ng hindi komportable o hindi ligtas na pakiramdam, at hindi sila mahihirapan.



## Pantulong na Teknolohiya para sa mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangagailangan

Ang teknolohiyang pantulong ay tumutukoy sa mga aparato at serbisyo na ginagamit upang mapataas, mapanatili, o mapabuti ang mga kakayahan ng isang mag-aaral na may kapansanan (Dell, Newton, & Petroff, 2012)



Ang pantulong na teknolohiya na tumulong sa mga mag-aaral na may mga kapansanan sa pag-aaral na kinabibilangan ng mga computer program at tablet application na nagbibigay ng text-to-speech, speech-to-text, mga kakayahan sa paghula ng salita, at mga graphic organizer.

## Alamin Natin!

### Mga Laptop Computer at Computerized na Device: Mga Benepisyo ng Assistive Technology

Ang mga laptop computer at table device ay kapaki-pakinabang para sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa pag-aaral dahil ang mga ito ay portable at magaan. Para sa mga mag-aaral na may kahirapan sa pagsusulat gamit ang kamay, ang kakayahang mag-take notes sa isang laptop o computerized na aparato (tulad ng isang iPad) ay maaring mapabuti ang dami at kalidad ng mga notes na makokopya (Vaughn & Bos, 2009)

Ang teknolohiyang pantulong ay tumutukoy sa mga aparato at serbisyo na ginagamit upang mapataas, mapanatili, o mapabuti ang mga kakayahan ng isang mag-aaral na may kapansanan (Dell, Newton, & Petroff, 2012)

### Pagtuturo sa tulong ng Computer

Ang pagtuturo na tinutulungan ng computer ay tumutukoy sa software at mga application na dinisenyo upang magbigay ng mga pagkakataon sa pagtuturo at pagsasanay sa isang malawak na hanay ng mga device (hal. computer, laptop, mobile na teknolohiya).




Ang pagtuturo na tinutulungan ng computer ay nagbibigay ng agaran at pabagong feedback at ang mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan ay maaring makinabang mula sa hindi mapanghusgang computerized drill at pagsasanay (Stetter & Hughes, 2010)

### Mga Function ng Software


Ang teknolohiyang pantulong ay maaring mapabuti ang mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan (Batorowicz, Missiuna, & Pollock, 2012)

Mayroong tatlo na kapaki-pakinabang na software function para sa mga mag-aaral na may espesyal na pangagailangan sa pag-aaral na nakabatay sa wika.




### 1. Text-to-speech software

Ang text-to-speech software ay maaring magbasa nang malakas ng digital o naka-print na teksto. Ito ay kapaki-pakinabang dahil ang mga mag-aaral ay mas malamang na maunawaan ang teksto kapag ang mga hindi pamilyar na salita ay binasa sa kanila (MacArthur, Ferreti, Okolo, & Cavalier, 2001).



### 2. Speech-to-text

Kasama sa pagsulat ang mababang antas ng mga kasanayan sa transkripsyon (hal. sulat-kamay, pagbabaybay, bantas, at gramatika), pati na rin ang mataas na antas ng mga kasanayan sa komposisyon (hal. pagpapalano, pagbuo ng nilalalman, at pagrebisa).



### 3. Word prediction

Ang software ng paghula ng salita ay orihinal na disenyo para sa mga mag-aaral na may pisikal na kapansanan na nakaranas ng kahirapan sa pag-type.

**Sagutin ang mga sumusunod**

1. Ngayong alam mo na ang mga benepisyo ng online learning at digital tools na ginagamit ng iyong anak, paano mo maipapakita ang iyong suporta sa pag-aaral ng iyong anak?

---

---

---

2. Sa edad ng iyong anak sa kasalukuyan, paano mo gagawin ang pagpili ng mga apps, games, at media na naaayon sa kanya?

---

---

---



**Sagutin ang tanong at isulat ang iyong sagot sa  
Loob ng kahon.**

1. Bilang magulang o tagapag-alaga, ano ang kahalagahan na nalaman mo ang mga digital tools na ginagamit ng iyong mga anak sa kanilang online learning?

---

---

---

2.. Bilang isang digital citizen, paano mo masasabi na hindi angkop ang app na ginagamit ng iyong anak?

---

---

---






## Pagyamanin Natin

### Pagpili ng tamang apps para sa aking anak

Mga dapat isaalang alang:

- Internet connection
- Laptop or computer or cellphone



Noong nakaraan ay nagkaroon kayo ng takdang aralin tungkol sa iba-ibang application na ginagamit ng iyong anak. Gamit ang iyong smartphone o laptop o personal computer, gawin ang sumusunod:

1. Hanapin/i-search ang app na iyong nilista
2. Alamin ang naidudulot ng mga apps na ito sa iyong anak at sa kanyang pag-aaral. Gamitin ang table sa ibaba.
3. Magdesisyon kung ito ay naaayon na gamitin ng iyong anak. Kung hindi ito nararapat para sa iyong anak, kausapin ang iyong anak tungkol dito.
4. Gamitin ang tseklist bilang basehan ng iyong desisyon.

Mga apps na ginagamit ng aking mga anak	Ano ang maidudulot ng mga apps na ito sa mga anak ko?

Ibahagi ang iyong natutuhan tungkol sa digital learning sa tahanan. Tipunin ang miyembro ng pamilya at pag-usapan ang tungkol dito. Magkaroon ng malayang talakayan ang pamilya tungkol dito.





# Modyul 1-D: Digital Citizenship sa Tahanan at Komunidad



## Layunin

1. Maipaliwanag kung ano ang Family Media Agreement at Community of Practice (CoP),
2. Makabuo ng isang Family Media Agreement at maging bahagi ng isang Community of Practice, at
3. Magamit ang mga natutuhan tungkol sa Family Media Agreement at Community of Practice (CoP).

## Gawin Natin

Sagutin ang mga katanungan. Isulat ang sagot .

Magbigay ng mga benepisyo na ibinigay ng digital learning.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_

Ibigay ang dalawang uri ng digital learning tools

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_

Isulat ang tamang sagot.

1. Ito ay ang mga ginagamit ng isang mag-aaral sa distance learning at face-to-face.

Ano ito? \_\_\_\_\_

2. Ito ay gumagamit ng mga teknolohiya at pamamaraan upang matulungan ang mga mag-aaral na matuto sa ibang paraan.

Ano ito? \_\_\_\_\_

3. Magbigay ng halimbawa ng presentation tools.


\_\_\_\_\_

4. Magbigay ng isang halimbawa ng modular distance learning tool. \_\_\_\_\_

## Alamin Natin!

**Ang mga paksa ng araling ito ay ang mga sumusunod:**

1. Family Media Agreement
2. Paggawa ng Family Media Agreement
3. Community of Practice
4. Pagbuo ng Community of Practice



Bilang isang magulang at isang digital citizen, alam mo na kung ano ang mga iyong maaaring gawin upang magabayan ang iyong anak sa digital space. Ito ang iyong magiging gabay kung paanong ang iyong anak ay mag-e-enjoy gumamit ng technology at media sa ligtas na paraan.

**Ayon sa FCPS, mayroong apat na paraan para ang iyong tahanan ay maging tahanan ng digital citizens. Ito ay ang mga sumunod:**

### **1. Mag-set ng mga inaasahan (expectations) sa pamamagitan ng pagbuo at pagpapatupad ng mga plano sa media at device.**

Sa paggawa ng plano sa media at device, mahalaga na isaalang-alang ang edad, kalusugan, at personalidad ng iyong anak. Ang mga epekto ng teknolohiya at paggamit ng media sa mga bata ay dapat isaalang-alang din.

### **2. Piliin ang nilalaman na angkop sa edad**

Tiyakin na angkop sa edad ang mga app, laro, at iba pang media na gagamitin sa inyong tahanan.

### **3. Gumamit ng Parental Controls**

Hinihikayat ng FCPS ang mga magulang na gumamit ng control at unti-unting pagpapalaya ng responsibilidad. Nagbibigay ito ng oras sa mga bata na matuto nang ligtas, responsible, at balanseng paggamit ng teknolohiya. Maaaring bawasan ang mga control ng magulang sa paglipas ng panahon.

### **4. Mamagitan sa iyong anak at sa paggamit nito ng teknolohiya.**

Pag-usapan ang tungkol sa content o nilalaman at tulungan ang iyong anak na maunawaan at bigyang-kahulugan ang kanilang karanasan. Maging modelo at magsulong ng mga ligtas, magalang, at mabuting gawain.

## Alamin Natin!

### Paggawa ng Family Media Agreement

Ang **Family Media Agreement** ay ang isang pagkakasundo ng buong pamilya tungkol sa kung paano mo at gaano mo katagal ginagamit ang isang computer, smartphone, tablet, e-reader at iba pa.

Narito ang halimbawa ng isang Family Media Agreement.

#### FAMILY MEDIA AGREEMENT

Kapag nagsimulang gumamit ng Internet ang iyong anak, mahalagang magkaroon ng pag-uusap tungkol sa kung kailan at paano nila ito ginagamit at para saan nila ito ginagamit. Ang Family Media Agreement na ito ay isang tool na magagamit mo upang suportahan ang pag-uusap na ito.

#### Gagawin ko...

##### 1. Manatiling ligtas.

- Hindi ako gagawa ng mga account o magbibigay ng anumang pribadong impormasyon - tulad ng aking buong pangalan, petsa ng kapanganakan, address, telepono numero, o mga larawan - ng walang pahintulot ng aking pamilya.
- Hindi ko ibabahagi ang aking mga password sa sinuman maliban sa aking pamilya. Hihilingin ko sa aking pamilya na tulungan ako sa mga setting ng privacy kung gusto kong mag-set-up ng device, account, o profile.
- Kung may nagpaparamdam sa akin ng pressure o hindi komportableng pakiramdam, o kumilos nang hindi naaangkop sa akin online, hihinto ako sa pakikipag-usap sa taong iyon at sasabihin sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya na pinagkakatiwalaan tungkol dito.

##### 2. lisipin ko muna.

- Hindi ako mambu-bully, magpapa-bully, magpapahiya, o magpapagalit sa sinuman online o gamit ang aking telepono - sa pamamagitan man ng pagbabahagi ng mga larawan, video, o mga screenshot, pagpapakalat ng tsismis, o pagse-setup ng mga pekeng profile - at maninindigan ako sa mga gumagawa nito.

**2. lisipin ko muna.**

- Tutulungan ko ang aking pamilya na magtakda ng mga limitasyon sa oras ng media na may katuturan, at pagkatapos ay ipatutupad namin ito.
- Isinasaalang-alang ko kung gaano karaming oras ang ginugugol ko sa harap ng screen, at patuloy kong gagawin ng masaya ang iba pang mga activity at makikisama sa mga tao sa aking buhay.

**3. Manatiling balanse**

- Alam kong hindi lahat ng nababasa, naririnig, o nakikita ko online ay totoo. Isinasaalang-alang ko kung ang pinagmulan ay kapani-paniwala.
- Tutulungan ko ang aking pamilya na magtakda ng mga limitasyon sa oras ng media na may katuturan, at pagkatapos ay ipatutupad namin ito.
- Isinasaalang-alang ko kung gaano karaming oras ang ginugugol ko sa harap ng screen, at patuloy kong gagawin ng masaya ang iba pang mga activity at makikisama sa mga tao sa aking buhay.

**Bilang kapalit, pumapayag ang aking pamilya na...**

- Kilalalanin na ang media ay isang malaking bahagi ng aking buhay.
- Makipag-usap sa akin tungkol sa kung ano ang ikinababahala nila at bakit, bago magsabi ng “hindi”.
- Kausapin ako tungkol sa aking mga interes at yakapin ang aking mundo, kabilang ang pagtulong sa akin na makahanap ng angkop at kaaya-ayang media.

---

 Lagda ko

---

 Lagda ng miyembro ng  
pamilya

## Alamin Natin!

Ang pagiging isang digital citizen ay hindi lamang natatapos sa loob ng tahanan. Ito ay lumalabas sa tahanan patungo sa komunidad. Upang maging isang ganap na digital citizen ang buong komunidad, maaari nating ibahagi ang ating nalalaman at hikayatin ang ibang pamilya tungo sa pagiging responsableng digital citizens.

### Ano ang Community of Practice?

Ang **Community of Practice (CoP)** ay isang grupo ng mga tao na mayroong interes sa iisang paksa, alalahanin (concern), at hanay ng suliranin. Ito ay binubuo ng mga taong nag-uugnay sa isang network ng komunikasyon o kaalaman dahil sa kanilang ibinahaging interest o ibinabahaging responsibilidad para sa isang paksa.

Maraming mga departamento ng edukasyon ang nagtayo ng mga CoP sa paligid ng mga domain gaya ng kurikulum at pinakamahuhusay na kagawian ng guro. Ang mga medical na kasanayan ay bumubuo din ng mga CoP. Ang aktibong asosasyon ng may-ari ng mga bahay o homeowners' association ay isang halimbawa ng CoP.

Isang halimbawa ng CoP ay ang grupong mabubuo ninyo **Facebook group na tatawaging 'We Are the Super Gabays!'** Sa Facebook group na ito ay ang magiging daan upang magbahagin ang bawat isa ng inyong mga karanasan, saloobin, at repleksyon tungkol pagiging isang digital citizen.





## Pag-usapan Natin

Sagutin ang tanong at isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

1. Anu-ano ang nakikita mong maaring maging epekto sa iyong pamilya kung kayo ay may Family Media Agreement?

---

---

---

---

2. Paano mo maipapakita sa komunidad na ikaw ay isang digital citizen?

---

---

---

---



## Pagyamanin Natin

### Paggawa ng Family Media Agreement

1. Basahin ang halimbawa ng Family Media plan
2. Tipunin ang miyembro ng pamilya at pag-usapan ang nilalaman ng Family Media Agreement
3. Gumawa ng isang Family Media Agreement na naaayon sa iyong pamilya
4. Ilagay ang mga detalye na naaangkop sa pamilya.
5. Maaari mong tularan ang Family Media Agreement template na halimbawa sa modyul na ito.



## Ibahagi Natin



Ibahagi ang iyong natutunan tungkol sa iyong natutunan sa sesyon na ito. Tipunin ang miyembro ng pamilya at pag-usapan ang tungkol dito. Magkaroon ng malayang talakayan ang pamilya tungkol dito. Ibahagi ang naging plano ng inyong pamilya tungkol dito sa CoP na mabubuo ng Super Gabays.



Thank you!

